9B: TIPIKAL NA MGA MILESTONE AT RED FLAG NG PAG-DEVELOP NG MOTOR NA KAKAYAHAN NG BATA [24]

Mahalagang bahagi ng kakayahan ng bata na kumain ang pag-develop ng pisikal na motor na kakayahan (kung paanong gumagalaw at napananatili ang katawan niya sa iba't ibang posisyon). Nagdudulot ng mas madali at mas mabisang pagpapakain ang malakas na na nagde-develop na katawan. Mahalaga ang pagbabantay sa mga tanda na may kakapusan sa pag-develop ng pisikal na motor na kakayahan dahil ang maagap na pagtukoy sa mga problema ay di lamang mapahuhusay ang kakayahan ng bata na kumain, kundi ang buong paglaki nila. Narito ang mga karaniwang milestone sa pag-develop ng motor na kakayahan at ang mga tanda o "*red flag*" na kailangang bantayan na posibleng magsabing mayroong problema. *Isang proseso ang pag-develop at mayroong malawak na antas ng "tipikal" na panahon kung kailan nabubuo ang kakayahan ng bata. Mabubuo ng mga bata ang karamihan sa mga kakayahang ito sa loob ng mga edad na nabanggit, pero may ilang mga bata na maaaring mahuli nang kaunti.*

	✓	⊘	
SA 3 BUWAN	Pag-angat ng ulo habang nakadapa.. Pagtulak pataas gamit ang braso. 	Matigas na mga binti. Madalas nakakuyom na mga kamao. Hindi maiangat ang ulo. 	Nakaarkong ulo at katawan. Isang panig lang ng katawan ang ginagamit.
SA 6 BUWAN	 Pagderetso ang ulo. Pag-upo nang deretso nang may suporta. Kampante ngunit pirming tindig ng katawan.	 Nakahukot. Nahihirapang ideretso ang katawan at/o ulo.	 Matigas na katawan at/o binti. Magkakrus na binti. Mga brasong nakapalayo mula sa dibdib.
SA 8 BUWAN	 Pag-upo nang deretso nang mag-isa. Pag-abot gamit ang parehong braso.	 Hindi makaupo nang deretso. Nakahukot o nakaarkong katawan/likod. Nahihirapan na ideretso ang ulo. Matigas na binti at/o braso, nakaturong mga daliri sa paa. Kahirapan sa paggamit ng kamay at braso.	
SA 12 BUWAN	 Paghatak sa sarili paderetso para tumayo Paggapang.	 Kahirapan sa pagtayo ng deretso. Matigas na binti at/o braso, nakaturong mga daliri sa paa. Hindi makagapang. Ginagamit lang ang isang bahagi ng katawan para sa paggapang.	
SA 15 BUWAN	 Standing. Walking.	 Matigas na mga braso at binti. Madalas na naglalakad nang nakatingkayad. Nakahilig sa isang bahagi habang nakaupo nang deretso. Ginagamit lang ang isang kamay para sa pag-abot at paghawak.	